

# PAMAMAHALA NG MATA-MATA

Ang rice blast o mata-mata ay nakapipinsala sa dahon, buko, batok, at ang uhay ng palay. Ito ay kadalasang umaatake sa mga lugar na kinukulang ang patubig at sa mga matataas o upland lalo na kung laging makulimlim at laging inuulan na lugar.

## Pamamahala ng Mata-mata

1. Gumamit ng mga barayting matibay sa mata-mata tulad ng PSB Rc4, Rc10, Rc28, Rc34, Rc54, Rc82, NSIC Rc122, Rc242, Rc284, Rc23, Rc300, Rc302, at Rc304.

2. Mag-iba din ng tanim sa lugar. Magtanim ng ibang halaman gaya ng munggo, pakwan, talong, mais, at iba pang gulay.

3. Magtanim ng malusog na binhi at mas mainam ang lipat-tanim kaysa sabog-tanim.

4. Iwasan ang sobrang paglalagay ng abonong nitroheno. Mas mataas ang posibilidad sa pagkakaroon ng sakit kung gagamit ng nitrate nitrogen kaysa ammonium nitrogen.



**Sintomas ng foliar blast**
Nagkakaroon ng spots (mata-mata) sa dahon na hugis diamante na medyo mapula ang gilid at abuhin ang gitna.



**Sintomas ng neck rot**
Sa panahon ng paglalaman, inaatake ng amag ang batok ng uhay na sanhi ng pagkamatay nito.

# PAMAMAHALA NG MATA-MATA

5. Ang pagpapatubig ay nakababawas ng atake ng sakit lalo na sa mga lugar na sahod-ulan.


6. Iwasang lumusong sa palayan kapag basa pa ang mga dahon dahil maaring maikalat ang sakit.

8. Ang mga fungicides gaya ng benomyl, pyroquilon, at tricyclazone ay mainam na pang kontrol sa sakit na mata-mata.

3. Para makaiwas sa neck blast at panicle blast, mag-apply ng fungicide dalawang beses: sa umpisa ng paglabas ng bunga at kung nasa 50% na ang nakalabas.

4. Sunugin ang pasyok at dayami ng palay na tinamaan ng sakit para maiwasan ang muling atake sa susunod na taniman.

## Disease Cycle




## Tandaan:

Lumalala ang sakit na mata-mata hangga't may blast spores sa hangin sa loob ng isang taon.

Sinuri ni Fe A. dela Peña, Crop Protection Division, Philipppine Rice Research Institute

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested.

creative commons